



Mga Tagubilin sa Pasyente

Urine para sa C&S o TB/AFB

Humingi ng (mga) urine specimen ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa (mga) test na minarkahan sa ibaba [x]. Para makagawa ng isang makabuluhang resulta ng laborator

C&S Test: []

- Pagkagising o anumang oras, kolektahin ang ihi sa ibinigay na **C&S** na lalagyan.

TB/AFB Test: [] Dami ng mga urine specimen na dapat kolektahin: _____

- Pagkagising tuwing umaga, agad na kolektahin ang ihi sa isa sa mga ibinigay na malinis na lalagyan.

Pagkolekta:

1. Hugasan at tuyuin ang mga kamay.
2. Simulan ang pag-ihing sa banyo. Nang hindi pinipigilan ang pagdaloy ng ihi, isahod ang lalagyan sa daanan ng ihi, maglagay ng sapat na dami ng ihi sa lalagyan hanggang sa mapuno ang kalahati nito at alisin ang lalagyan bago matapos ang pag-ihing mo. Kailangan ng minimum na 20mL.
3. Mahigpit na isara ang lalagyan, na iniwasang mahawakan ang bunganga ng lalagyan o maipasok ang mga daliri mo sa loob ng lalagyan.

Paglalagay ng label

1. Lagyan ng label ang lalagyan gamit ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at petsa ng pangongolekta.

Packaging

1. Ilagay ang lalagyan sa ibinigay na bag at isara nang mabuti ang bag.
2. Itupi ang anumang dokumento at ilagay ito sa labas na bulsa ng transport bag ng specimen.
Sa pamamagitan nito, matitiyak na hindi tutulo sa dokumento ang specimen.

Pag-iimbak at Paglilipat

1. Ilagay sa refrigerator at pagkatapos ay dalhin ang specimen sa laboratoryo sa mismong araw na nakolekta ito. Kapag nakolekta ang specimen nang magdamag, bumalik sa laboratoryo kinabukasan sa lalong madaling panahon. Maaaring makaapekto sa mga resulta ng pagsusuri ang mga pagkaantala.
2. Kapag maraming sample ang nakolekta para sa TB/AFB test, maaari mong piliin na magdala ng isang sample sa laboratoryo kada araw o i-refrigerate ang lahat ng 3 sample at dalhin ang mga ito sa lab hanggang 24 na oras pagkatapos makolekta ang huling sample.